Multicultural HIV/AIDS and Hepatitis C Service

NSW GOVERNMENT | Health

*NSW Health Factsheet - Filipino*

***Services provided by Tuberculosis Prevention and Control Service / Chest Clinics***

# Mga serbisyong idinudulot ng Serbisyo sa Paghadlang at Pagkontrol ng Tuberkulosis/ Mga Klinika sa Dibdib (Tuberculosis Prevention and Control Service / Chest Clinics)

Ang NSW ay may isang ugnayan ng mga Serbisyo sa Paghadlang at Pagkontrol ng Tuberkulosis/ Mga Klinika sa Dibdib na nakapwesto sa buong estado. Ang ugnayan ay naghahangad na magdulot ng isang madaling maunawaan, nababagay sa kultura at madaling makuhang serbisyo sa lahat. Layunin naming magamot ang TB, mabawasan ang pagkakasakit ng TB at mahadlangan ang paglaganap nito sa komunidad.

Ang sumusunod ay ilang mga serbisyong libre at kompidensyal na idinudulot ng TB Network:

## Pagtatasa at Pagsusuri ng TB

- May mga pagsusuring gagawin sa mga kasong  nasuspetsahang may TB
- May pagsubok sa balat na gagawin (Tuberculin) upang malaman ang nagtatagong impeksiyon ng TB (LTBI)
- Pamahalaan at/o gagawa ng mga pagsasala-kung may-sakit at pagtasa sa mga taong may malapitang ugnayan sa mga may nakakahawang TB
- Ang mga serbisyo ng X-ray at laboratoryo para sa mga pagsusuring kaugnay ng TB
- Pagpapatinging medikal para sa mga pasyente na kasama na ang pagkakaospital at pagkaka-alaga sa  komunidad
- Pagpapatinging medikal para sa mga maaaring mahawaan ng TB, ang komunidad at mga propesyonal sa pangkalusugang pangangalaga
- Pagsasala kung may-sakit at pagmamanman sa resistansiya laban sa TB ng mga tagapag-alaga ng kalusugan

## Paggamot at pangangasiwa

- Pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na plano ng panglunas
- Pinapangangasiwaang paglulunas ng TB sa klinika, bahay o sa lugar ng trabaho
- Paglunas sa nakatagong impeksyon ng TB
- Pagsasaayos ng tagasalinwika sa pangangalaga sa kalusugan para sa mga usapin tungkol sa TB

## Mga gagawing pangkalusugan

- Pagtatasa, pagsasala kung may-sakit, pagpapatuloy, pagmamanman at edukasyon ng mga tao tungkol sa mga gagawing pangkalusugan laban sa TB (TB Health Undertakings o TBU). Ang mga TBUs ay ibinibigay ng Department of Immigration & Citizenship para sa mga taong pumapasok sa Australya na may ginawang pagsusuri ng x-ray sa baga na kinakailangang masundan

## Pagsasala – kung may-sakit sa mga nagsilikas

- Pagtatasa at pagsasala-kung may-sakit sa mga nagsilikas na kabataan na bahagi ng iba pang mga serbisyong pangkalusugan

### Pagbabakuna ng BCG

- Ang pagbabakuna ng BCG ng ayun sa inirekomenda para sa mga piling pangkat na may peligrong mahawaan sa TB

### Mga serbisyo sa edukasyon at pagpapayo

- Pagdudulot ng pagpapayo at edukasyon sa mga pasyente, komunidad at mga propesyonal na tagapag-alaga ng kalusugan sa pag-iingat sa sakit, panglunas, pamamahala at pagsasala sa pakikisalamuha

## PANGKALAHATANG IMPORMASYON

### Paggamit ng mga serbisyong pantasa

Kailangan ng pakikipagtipan para sa karamihang mga serbisyo. Upang matawagan ang pinakamalapit sa inyong Klinika, tingnan ang mga detalye sa ibaba nitong pahina.

### Pagpapabago ng pakikipagtipan

Kung kayo ay hindi maaaring makapunta sa isang pagtipan, tawagan po nang maaga ang Klinika para maaaring magamit ang oras para sa ibang may talagang pangangailangan ng pagtipan. Maaaring magkaroon kayo pagpapatingin sa ibang oras at araw.

### Mga pagkaantala sa oras ng pagtitipan

Gagawin namin ang lahat ng aming makakaya upang maasikaso kayo sa inyong pakikipagtipan, ngunit maaring may pagkakataon na ito ay hindi palaging mangyayari dahil sa mga dahilang hindi namin kontrolado, katulad kung may emerhensiya o kinakailangan ang doktor sa ibang lugar.

### Mga serbisyo sa inyong bahay

May mga pasyenteng ginagamot laban sa TB ang maaaring mabisita sa bahay.  Sasabihin ng nars kung kailan kayo mapuntahan. Ngunit may mga oras na maaaring hindi mangyari ito dahil sa mga hindi inaasahang pangyayari.

Magpasabi po ng maaga sa nars kung wala kayo sa bahay sa oras nang pagbibisita.

### Kaligtasan para sa mga kawani

Ang kaligtasan ang aming mga kawani ay mahalaga kaya hinihiling namin ang inyong tulong upang matiyak na maaari silang ligtas na bumisita sa inyong bahay.  Hinihiling namin na itali o ilagay sa hawla ang mga hayop kung bibisita ang nars. Sa unang pagbisita, ang aming kawani ang titingin kung may mga problema katulad ng mga di-pantay na daanan na maaaring dahilan ng kanilang pagkakadisgrasya. Kami ay maaaring hindi magpatuloy sa mga pagbibisita kung sa aming akala ay hindi ligtas ang pagbisita ng aming mga kawani at gagawa kami ng ibang kaayusan para sa inyong pagkalunas.

**Hindi kinakailangan ang karta ng Medicare para sa serbisyo laban sa TB**

**Hindi palaging kinakailangan ang pagsasangguni**

**Tingnan sa likurang pahina para sa listahan ng Mga Serbisyo sa Paghadlang at Pagkontrol ng Tuberkulosis/ mga Klinika sa Dibdib (Tuberculosis Prevention and Control Services/Chest Clinics) sa NSW.**